

Ut in confessiōne veræ sempiternæque Deitatis, et in personis proprietas, et in essentia unitas, et in maiestate adoretur æqualitas.

Quam laudant Angeli atque Archàngeli, Chérubim quoque ac Séraphim: qui non cessant clamare cotidie, una voce dicentes: — **Sanctus, Sanctus, Sanctus Dominus Deus...**

#### ANTIPONA SA KOMUNYON • Mt 11:24

**AMEN**, dico vobis, quidquid orantes petitis, credite, quia accipietis, et fiet vobis.

Kaya sa pagsampalataya sa Dios na totoo at walang hanggan ay sinasamba namin ang pagkakaiba ng mga persona, ang kaisahan ng pagka-Dios at ang pagkakakapantay-pantay ng kamahalan.

Ito ang ipinagbubunying walang humpay ng mga Anghel at Arkanghel, gayundin ng mga Kerubin at Serapin, nang walang humpay sa kalangitan: — **Santo, Santo, Santo Panginoong Diyos ng mga hukbo...**

**AMEN**, sinasabi Ko sa inyo: anuman ang hingin ninyo sa inyong panalangin, manampalataya kayong natanggap na ninyo iyon, at matatanggap nga ninyo iyon.

#### PANALANGIN MATAPOS ANG KOMUNYON

**QUAESUMUS**, omnipotens Deus: ut, quos divina tribuis participatiōne gaudere, humanis non sinas subiacere periculis. Per Dominum.

**ISINASAMO** namin sa Iyo, Dios na makapangyarihan, upang huwag kami na pinakinabang Mong maligya sa mga banal na kaloob na ito'y iadya kami sa anumang kapahamakan. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

**Hermandad de Sagrada Eucaristia**  
**Latin Mass Society of Cavite**  
*Comision Para sa Pagsasalin*

## IKADALAWAMPU'T-TATLONG LINGGO MAKARAAN ANG PENTECOSTES

*Misa "Dicit Dominus"*

• II cl. • Semidoble • Luntian

#### PAMBUNGAD NA ANTIPONA • Jer 29:11-12, 14

**DICIT** Dóminus: Ego cogito cogitationes pacis, et non afflictionis: invocabitis me, et ego exaudiam vos: et reducam captivitatem vestram de cunctis locis. — *Ps 84:2* Benedixisti, Dómine, terram tuam: avertisti captivitatem Iacob. *V.* Gloria Patri. Dicit Dominus

**SINABI** ng Panginoon: “Balak ko’y kapayapaan at hindi sa anumang kapighatian. Tatawagin ninyo ako at sasagutin ko kayo. Ibabalik ko ang inyong mga bihag saan man sila naroon.” — *Salmo 84:2* Pinagpala mong lubos ang sangkalupaan, Poong mahal: muli mong ibinalik mula sa pagkakabihag ang bayan ni Jacob. *V.* Luwalhati sa Ama. — Sinabi ng Panginoon...

▪ *Aawitin ang Gloria in Excelsis Deo* (Luwalhati sa Diyos)

#### PANALANGIN SA MISA (KOLEKTA)

**ABSOLVE**, quæsumus, Dómine, tuorum delicta populorum: ut a peccatorum nexibus, quæ pro nostra fragilitate contraximus, tua benignitate liberemur. Per Dominum.

**PATAWARIN** mo nawa, Panginoon, ang Iyong bayan mula sa kanilang nagawang pagsuway, upang sa Iyong kagandahang-loob, kalagan Mo kami sa pagkakabihag namin sa kasalanan dala ng aming kahinaang taglay. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

#### SULAT • Fil 3:17-21; 4:1-3

Pagbasa mula sa Sulat ni Apostol San Pablo sa mga taga-Filipos.

**M**GA KAPATID: magkaisa kayong tumulad sa halimbawang ipinakita ko sa inyo. Pag-ukulan din ninyo ng pansin ang lahat ng sumusunod sa aming halimbawa. Sapagkat tulad ng madalas kong sinasabi sa inyo noon at ngayo'y luhaang inuulit ko, marami ang namumuhay bilang mga kaaway ng krus ni Cristo. Kapahamakan ang kahihinatnan nila sapagkat ang dinidiyos nila ay ang hilig ng kanilang katawan. Ikinararangal nila ang mga bagay na dapat sana nilang ikahiya, at wala silang iniisip kundi ang mga bagay na may kinalaman sa mundong ito. Subalit sa kabilang dako, tayo ay mga mamamayan ng langit.

Mula roo'y hinihintay nating may pananabik ang Panginoong Jesu-Cristo, ang ating Tagapagligtas. Sa pamamagitan ng kapangyarihang ginamit niya sa pagpapasuko sa lahat ng bagay, ang ating katawang may kahinaan ay babaguhin niya upang maging katulad ng kanyang katawang maluwalhati. Kaya nga, mga kapatid kong minamahal at pinananabikan, aking kagalakan at karangalan, sa ganitong paraan ay magpakatatag kayo sa inyong pamumuhay na nakaugnay sa Panginoon. Nakikiusap ako kina Euodia at Sintique na sila'y magkasundo na bilang magkapatid sa Panginoon. Ipinapakiusap ko rin naman sa iyo, tapat kong katuwang, tulungan mo ang dalawang babaing ito. Sila man ay kasama kong nagpagal sa pagpapalaganap ng Magandang Balita, kasama si Clemente at ang iba pang kamanggagawa ko. Ang mga pangalan nila'y nakasulat sa aklat ng buhay. — **R. Salamat sa Diyos.**

**PANINGIT NA AWIT (GRADUAL) • Ps 43:8-9; Ps 129:1-2**

**LIBERASTI** nos, Dómine, ex affligéntibus nos: et eos, qui nos odérunt, confudísti.

*V.* In Deo laudábimur tota die, et in nómine tuo confitébimur in sácula.

**Allelúia, allelúia.** *V.* De profúndis clamávi ad te, Dómine: Dómine, exáudi oratiónem meam. **Alleluia.**

**PANGINOON**, iniligtas Mo kami sa kamay ng aming mga kaaway; ipinahiya mo ang mga sa ami'y namumuhi.

*V.* Sa buong maghapon, Diyos aming pinupuri! Inihahayag namin ang kaniyang ngalan lagi-lagi.

**Aleluya, aleluya!** *V.* Mula sa kailaliman, tumawag ako sa iyo, Panginoon. Panginoon, pakinggan Mo sana ang aking panalangin. **Aleluya.**

**EBANGHELYO • Mt 9:18-26**

Ang pagpapatuloy ng Ebanghelyo ayon kay San Mateo.

**NOONG PANAHONG IYON:** Habang nagsasalita si Jesus sa madla, may dumating namang isang pinuno ng mga Judío. Lumuhod ito sa harap niya at nakiusap, “Kamamatay po lamang ng aking anak na babae; sumama po kayo sa akin at ipatong ninyo ang inyong kamay sa kanya, at siya'y mabubuhay.” Tumayo si Jesus at sumama sa kanya, gayundin ang kanyang mga alagad. Habang sila'y naglalakad, lumapit sa likuran ni Jesus ang isang babaing labindalawang taon nang dinudugo at hinawakan ang laylayan ng kanyang damit. Sinabi ng babae sa sarili, “Mahawakan ko lamang ang kanyang damit, gagaling na ako.” Lumingon si Jesus at pagkakita sa kanya'y sinabi, “Anak, lakasan mo ang iyong loob! Pinagaling ka ng iyong pananampalataya.” Noon din ay gumaling ang babae.

Pagdating ni Jesus sa bahay ng pinuno, nakita niya ang mga manunugtug ng plauta at ang mga taong nagkakaingay. Sinabi niya, “Lumabas muna kayo. Hindi patay ang bata; natutulog lamang!” At siya'y pinagtawanan nila. Nang mapalabas na ang mga tao, pumasok si Jesus sa kuwarto, hinawakan niya sa kamay ang bata at ito'y bumangon. Ang pangyayaring ito ay ipinamalita ng mga tao sa buong lupaing iyon. — **R. Pinupuri ka namin, Panginoong Jesucristo.**

▪ *May Credo o Sumasampalataya.*

**ANTIPONA SA PAG-AALAY • Ps 129:1-2**

**DE PROFUNDIS** clamávi ad te, Dómine: Dómine, exáudi oratiónem meam: de profúndis clamávi ad te, Dómine.

**MULA SA KALALIMAN**, tumatawag ako sa iyo, Panginoon! Pakinggan mo sana, Poong Mahal, aking panalangi't pagsamo; pagka't ako'y tumataghoy sa iyo, Panginoon.

**PANALANGIN UKOL SA MGA ALAY**

**PRO** nostræ servitútis augménto sacrificium tibi, Dómine, laudis offérimus: ut, quod imméritis contulísti, propítius exsequáris. Per Dóminum.

**PARA** sa ikapag-iibayo ng paglilingkod namin sa iyo, Panginoon, iniaalay namin ang haing papuri na ito sa Iyo upang maiksatuparan Mo ang iyong kaloob sa amin mong abang mga lingkod. Alang-alang sa Anak Mo, si Jesucristo...

**PREPASYO NG BANAL NA SANTATLO**

**VERE DIGNUM** et iustum est, æquum et salutáre, nos tibi semper et ubique grátias ágere: Dómine sancte, Pater omnipotens et æterne Deus:

**TUNAY NGANG MARAPAT** at matuwid, angkop at nakakagaling, sa lahat ng dako at sandali na magpasalamat kaming lagi sa iyo, Amang banal, Diyos na makapangyarihan at walang-hanggan.

Qui cum unigénito Fílio tuo et Spíritu Sancto unus es Deus, unus es Dóminus: non in unius singularitáte persónæ, sed in unius Trinitáte substántiæ. Quod enim de tua glória, revelánte te, crédimus, hoc de Fílio tuo, hoc de Spíritu Sancto sine differéntia discretiónis sentímus.

Kasama ng Anak mong Bugtong at Espiritu Santo, ikaw ay iisang Dios at at iisang Panginoon: isa sa pagka-Dios ngunit tatlo sa pagka-persona. Sapagka't kung ano ang aming sinasampalatayanan sa iyong pahayag patungkol sa kaluwalhatian mo ay gayon din sa Anak at Espiritu Santo nang walang pagtatangi.